## Sino ang mananagot sa seksuwal na panghaharas sa mga paaralan?

**Personal na Pananagutan**

Mga mag-aaral, kawani ng paaralan at tagapagkaloob ng serbisyo ay personal na may pananagutan sa kanilang mga sariling kilos ng seksuwal na panghaharas sa ilalim ng SDO.

**Pagtulong sa Seksuwal na Panghaharas**

Maaari ring magkaroon ng personal na pananagutan kung ang isang mag-aaral, miyembro ng kawani/tagapagkaloob ng serbisyo ay:

- Pinipilit ang isang tao na seksuwal na harasin ang isa pang tao;
- Nagturo sa isang tao na seksuwal na mangharas ng isa pang tao; o
- Tumutulong sa isang tao na manghaharas (hal. pagsali sa nanghaharas sa pagsasabi sa bastos na biro.)

**Pananagutan ng Ginawa ng Iba**

Ang mga paaralan at tagapagkaloob ng serbisyo ay dapat gawin ang **"mga makatuwirang hakbang"** upang masiguro na ang paaralan para maiwasan ang seksuwal na panghaharas ; kung hindi, maaari silang mananagot sa mga kilos na labag sa batas na ginawa ng kanilang kawani sa kurso ng kanilang trabaho o ng kanilang mga ahente, kahit na kung ang paaralan o tagapagkaloob ng serbisyo (anuman ang maaaring kaso) ay hindi alam ang o hindi inawtorisa ang mga insidente ng seksuwal na panghaharas.



### Ano ang dapat gawin ng isang mag-aaral kung siya ay seksuwal na hinaras

1. Magsalita. Umayaw. Sa ilalim ng mga ligtas na kondisyon, sabihin sa nanghaharas na ang kanyang gawi ay hindi kinagigiliwan at dapat siyang tumigil.
2. Tumakbo mula sa nanghaharas at pumunta sa isang ligtas na lugar o sa isang lugar na may mas maraming tao.
3. Sabihin sa isang taong pinagkakatiwalaan niya, tulad ng kanyang guro/mga magulang/social worker/kawani ng NGO, at humingi ng suporta at payo. Huwag nila itong sarilinin.

### Ano ang dapat mong gawin, bilang isang magulang, kapag sinabi sa iyo ng iyong anak na siya ay seksuwal na hinaras

1. Makinig nang mabuti at ipakita na pinagkakatiwalaan mo siya. Siguruhin sa anak na gagawin mo ang mga kinakailangang hakbang upang patigilin ito.
2. Manatiling kalmado at hilingin sa anak mo na ibigay ang mga detalye ng insidente kasama ang petsa, oras, lokasyon at (mga) saksi.
3. Maghain ng isang pormal na reklamo sa punongguro ng paaralan, namamahalang na guro o ang taong may kargo sa naaayong tagapagkaloob ng serbisyo. Humingi ng tulong mula sa mga pinuno ng pamayanan/NGO/social worker, kung kinakailangan.
4. Maghain ng isang reklamo sa Komisyon sa Pantay-pantay na Oportunidad sa ngalan ng anak mo. Maaari mo kaming tawagan sa 2511 8211.
5. Lulat ang kaso sa Pulisya kung pinaghihinalaan ang anumang senyales ng krimen (hal. bastos na pagdaluhong) sa insidente.

**Kung kailangan mo pa ng karagdagang impormasyon sa seksuwal na panghaharas at ang karapatan mo sa ilalim ng mga ordinansa laban sa diskriminasyon, pakikontak ang:**

**Komisyon sa Pantay-pantay na Oportunidad**
**16/F, 41 Heung Yip Road, Wong Chuk Hang, Hong Kong**
Hotline: **2511 8211**
Email: **eoc@eoc.org.hk**
Website: **www.eoc.org.hk**
Serbisyong SMS: **6972566616538**
(Para sa mga taong nahihirapan sa pandinig/pagsasalita)

**Mga oras ng opisina: Lunes hanggang Biyernes mula 8:45am hanggang 5:45pm**

平 等 機 會 委 員 會
EQUAL OPPORTUNITIES COMMISSION

# Magsalita laban sa Seksuwal na Panghaharas

## Lumikha ng isang Ligtas na Kapaligiran para sa Ating Kabataan



Tagalog Version

Maaaring magkaroon ng mga seryosong kahihinatnan ang seksuwal na panggigipit sa kaninuman. Lalo na sa mga bata, ang epekto ay maaaring maging malubha. Maaari nitong makasira sa kanilang normal na paglaki at pag-unlad, panlipunang pag-uugali pati na rin ang epektibong pag-aaral pagdanap sa paaralan. Maaaring magdulot ito ng pangmatagalang pinsala sa pisikal at sikolohikal na kalusugan ng isang tao.

Sa ilalim ng SDO, labag sa batas ang seksuwal na gipitin ang sinumang tao ng ibang kasarian pati ng parehong kasarian. Ang batas sa proteksiyon ng mga bata mula sa seksuwal na panghaharas ay naaangkop sa mga paaralan, tutorial center, kindergarten, iba pang edukasyonal na institusyon at nursery. Naaangkop rin ito sa iba pang tagapagkaloob ng pantulong na serbisyo na kaugnay sa operasyon ng paaralan tulad ng mga bus pampaaralan, kantina o cafeteria ng mag-aaral, coaching sa palakasan, atbp. Ang mga sentro sa pangangalaga ng bata ay maaaring ituring bilang isang tagapagkaloob ng serbisyo at ang mga naaayong proteksiyon laban sa seksuwal na panggigipit sa ilalim ng SDO ay naaangkop.

Tandaan: Kung ang isang bata ay seksuwal na hinaras sa mga senaryo na hindi sinasaklaw ng SDO, tulad ng sa bahay ng kaibigan o sa pampublikong sasakyan, pakidulog ang Pulisya para sa tulong.





# Ano ang seksuwal na panghaharas ayon sa Ordinansa sa Diskriminasyon sa Kasarian (SDO)?

## Seksuwal na Panghaharas

### Mapanganib/Nakakatakot na Kapaligiran

- Anumang hindi kanais-nais na pag-uugaling seksuwal na ginagawa ng isa o higit pang tao, na nagdudulot ng isang mapanganib o nakakatakot na kapaligiran.

### Mga halimbawa



- kabilang ang mga sumusunod, nguuit hindi limitado sa: pagpapakita ng tahasang o malaswang materyales, seksuwal na tukso, magaspang na pag-uusap, at malalaswang seksuwal na mga biro o mga gawain.




### Panghaharas ng Isang Tao sa Isang Tao

- Anumang hindi inaasahang/hindi kinagigiliwang seksuwal na pagsasamantala, kahilingan para sa mga seksuwal na pabor, o ibang gawi na may kinalaman sa seksuwal na direktang nakakaapekto sa isang tao
- Kung, sa pagsasaalang-alang sa lahat ng mga sirkumstansiya, inaaasahan na ang isang makatuwirang tao ay masasaktan ang damdamin, makakaramdam ng pagkapahiya, o takot dahil sa mga aksyon na nakatala sa itaas

### Mga halimbawa



- **Hindi Kinagigiliwang Pisikal na Pagdaite ng Katawan:** hindi inaasahan at hindi kinagigiliwang pagyakap, paghalik, paghipo, paghatak o kusang pagsagi sa isa pang tao




- **Mga Seksuwal na Pahayag:** mga seksuwal na biro, mga komento sa katawan o hugis ng isang tao na may mga seksuwal na pahiwatig



- **Mga Nakakasakit na Komunikasyon:** mga nakasulat na komunikasyon na seksuwal ang kalikasan kasama ang mga mensahe na ipinadala nang elektroniko



- **Iba Pang Hindi Angkop na Gawi:** pagtitig, pag-irap o mga kilos na may seksuwal na kalikasan